

Mga Pag-amyenda ng mga Ordinansa ng Batas Laban sa Diskriminasyon

Tungkol saan ang mga pag-amyenda?

Gumawa ang mga Batas sa Diskriminasyon (Iba't-ibang Pag-amyenda, Miscellaneous Amendments) 2020 at ang Ordinansa laban sa Diskriminasyon sa Kasarian (Pag-amyenda) 2021 (ang "Mga Ordinansa") ng mga pag-amyenda sa kasalukuyang apat na Ordinansa laban sa diskriminasyon, na tinatawag na Ordinansa ng Diskriminasyon sa Kasarian (o Sex Discrimination Ordinance "SDO"), Ordinansa ng Diskriminasyon sa Kapansanan (o Disability Discrimination Ordinance "DDO"), Ordinansa ng Diskriminasyon sa Estado ng Pamilya (o Family Status Discrimination Ordinance "FSDO") at Ordinansa ng Diskriminasyon sa Lahi (o Race Discrimination Ordinance "RDO"), upang mapaingting ang proteksyon mula sa diskriminasyon at panliligalig sa ilalim ng mga Ordinansa.

Kailan nagkaroon ng bisa ang mga Ordinansa?

Nagkaroon ng bisa ang lahat ng probisyon ng Ordinansa nang ilathala ito noong **Hunyo 19, 2020**; hindi kasama rito ang mga probisyon sa diskriminasyon at panliligalig sa pagpapasuso na magkakaroon ng bisa pagkalipas ng 12 buwan mula sa araw na inilathala ito, na maisasatupad sa Hunyo 19, 2021.

Ano ang mga pag-amyenda sa ilalim ng mga Ordinansa?

Pinapaingting ng mga pag-amyenda ang proteksyon laban sa diskriminasyon sa kasarian, kapansanan, at lahi, pati na rin sa sekswal na panliligalig, panliligalig ng mga nagpapasusong kababaihan, at panliligalig na batay sa kapansanan at lahi sa iba't ibang aspeto, gaya ng nakalista sa ibaba.



Pagprotekta sa mga nagpapasusong babae mula sa direkta at hindi direktang diskriminasyon, panliligalig pati na rin sa pagiging biktima sa mga sektor ng pagtatrabaho; pagbibigay o paglalaan ng mga produkto, pasilidad at serbisyo; edukasyon; pamamahala at pagsasaayos ng mga lugar; mga club; at mga tungkulin ng Gobyerno sa ilalim ng SDO.

Sakop ng mga probisyon sa diskriminasyon sa pagpapasuso at panliligalig ang mga sitwasyon kung saan:

- Nagpapasuso ng anak ang isang babae;
- Nagpipiga ng gatas mula sa suso ang isang babae; at

- Pinapainom ng babae ang anak ng gatas mula sa suso, ngunit hindi niya ito ginagawa nang mangyari ang diskriminasyon.



Pagprotekta sa mga empleyado mula sa sekswal na panliligalig, panliligalig sa pagpapasuso, at panliligalig na nauugnay sa kapansanan at lahi sa mga karaniwang lugar ng trabaho kung saan walang pang-employong ugnayan, gaya ng mga consignment na manggagawa, volunteer, at intern, sa ilalim ng SDO, DDO, at RDO.

Volunteer – taong nagsasagawa ng boluntaryong pagtatrabaho bukod pa sa kapasidad ng employer o ng empleyado.

Intern – taong na-hire ng isa pang tao para sa isang internship pero hindi empleyado ng nasabing taong iyon.

Ang isang “internship” ay tinutukoy bilang yugto ng pagtatrabaho na kinakailangang matapos para sa pagkakaroon ng propesyonal o akademiko na kwalipikasyon at may kasama itong pupillage; o anupamang yugto ng pagtatrabaho na karaniwang inilalarawan bilang internship.



Pagprotekta sa mga provider ng serbisyo mula sa panliligalig ng mga customer na may kaugnayan sa kapansanan at lahi, kung saan ang mga naturang panliligalig ay naganap habang nakasakay sa mga aircraft at barko na rehistrado sa Hong Kong, kahit na nasa ibang bansa sila, sa ilalim ng DDO at RDO.

(Tandaan: Dagdag na proteksyon ito bukod pa sa orihinal na proteksyong ipinapatupad. Sa ilalim ng SDO, DDO at RDO, matagal nang may inilalaan ang mga provider ng mga produkto, pasilidad at serbisyo na proteksyon mula sa sekswal na panliligalig at panliligalig na nauugnay sa kapansanan at lahi na ginagawa ng mga customer. Noong 2014, higit pang inamyendahan ang SDO upang makapagbigay ng proteksyon para sa mga provider ng mga produkto, pasilidad at serbisyo mula sa mga sekswal na panliligalig ng mga customer, kahit na naganap sa ibang bansa ang mga panliligalig habang nakasakay sa mga aircraft at barko na rehistrado sa Hong Kong.)



Pagprotekta sa publiko mula sa direkta at hindi direktang diskriminasyon at panliligalig na nauugnay sa lahi sa pamamagitan ng pagpaparatang sa ilalim ng RDO, kung saan ang isang taong pinaparatangan ay mula sa partikular na lahi o miyembro ng partikular na pangkat ng lahi.



Pagprotekta sa tao mula sa direktang diskriminasyon o panliligalig na nauugnay sa lahi sa ilalim ng RDO, kung saan hindi gaanong kanais-nais ang pagturing sa kanya o kung saan nakakaranas siya ng panliligalig batay sa lahi ng isang kasamahan (associate).

Associate – kabilang ang asawa ng tao; isang taong kasama sa bahay bilang domestic partner; kamag-anak ng tao; tagapangalaga ng tao; o isang taong may kaugnayan sa nasabing tao dahil sa negosyo, sports, o recreation.

Tagapangalaga – kabilang ang Director of Social Welfare, sinumang awtorisadong opisyal ng Social Welfare Department; at sinumang taong tinukoy sa Schedule 6 ng RDO.



Pagprotekta sa mga miyembro at potensyal na miyembro ng mga club mula sa mga sekswal na panliligalig, panliligalig sa pagpapasuso, at panliligalig na nauugnay sa kapansanan ng mga club o ng management ng mga club sa ilalim ng SDO at DDO.



Pagpapawalang-bisa sa mga pag-aatas ng mga kinakailangan na may intensyong magdiskrimina sa pagbabayad-pinsala sa paglilitis sa hukuman para sa mga hindi direktang diskriminasyon sa ilalim ng SDO, FSDO at RDO.

Paano ako makakahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa mga pag-amyenda sa ilalim ng Ordinansa?

Mahamanap ang buong nilalaman ng Ordinansa sa:

<https://www.gld.gov.hk/egazette/pdf/20202425/es1202024258.pdf>







<https://www.elegislation.gov.hk/hk/2021/3!en>

Gumawa rin ang Equal Opportunities Commission (EOC) ng serye ng Gabay sa mga pag-amyenda, na available sa website ng EOC na www.eoc.org.hk.

Paano ako makakapagsampa ng reklamo sa EOC?

Maaaring magsampa ng reklamo ang sinumang nakakaramdam na siya ay nakaranas ng diskriminasyon, panliligalig, o paninirang-puri gaya ng nakasaad sa mga Ordinansa laban sa diskriminasyon sa pamamagitan ng **pagsulat** sa EOC at

maaari niya itong isumite sa EOC sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na paraan:

-  Sulat sa Pamamagitan ng Mail
-  [Online na form sa website ng EOC](#)
-  Fax
-  Sa personal sa tanggapan ng EOC
-  Telepono (para lang sa mga katanungan)
-  Serbisyo ng SMS (Para sa pagtatanong ng mga taong may problema sa pandinig/pagsasalita)

Mga tanong na nauugnay sa mga ordinansa laban sa diskriminasyon: [Online na Form ng Pagtatanong](#)

Mga reklamong nauugnay sa mga ordinansa laban sa diskriminasyon: [Online na Form ng Reklamo](#)

Mga tanong at reklamong nauugnay sa mga serbisyo ng EOC: [Online na Form](#)

Makipag-ugnayan sa EOC

Tel: (852) 2511 8211 (para lang sa mga pangkalahatang tanong)

Fax: (852) 2511 8142

Address: 16/F, 41 Heung Yip Road, Wong Chuk Hang, Hong Kong

Email: eoc@eoc.org.hk (para lang sa mga pangkalahatang tanong)

Serbisyo ng SMS: 6972566616538 (Para sa pagtatanong ng mga taong may problema sa pandinig/pagsasalita)

(Para sa mga tanong at reklamo tungkol sa diskriminasyon sa ilalim ng mga Ordinansa laban sa diskriminasyon, gamitin ang mga online na form sa itaas)

Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad

Abril 2021

Tandaan: Ginagamit lang ang pulyetong ito bilang sanggunian at hindi ito dapat gamitin bilang kapalit ng legal na payo.